


Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 4:
Layunin ng Lipunan: Kabutihang
Panlahat, Lahat Maiaangat



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 4: Layunin ng Lipunan: Kabutihang Panlahat, Lahat
Maiaangat
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang ano mang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Hannah Cristina A. Limen, Jodith B. Cabañog

Editor: Hannah Cristina A. Limen, Jodith B. Cabañog, Filma B. Catalan

Tagasuri: Mona Lisa M. Babiera, Baby Aida S. Awang, Rose Marie E. Diocares

Tagaguhit:

Tagalapat: Gemma S. Malicay

Tagapamahala: Isabelita M. Borres

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Jeanelyn A. Aleman

Evelyn F. Importante

Rose Marie E. Diocares

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 4:

**Layunin ng Lipunan:
Kabutihang Panlahat,
Lahat Maiaangat**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kani na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Ang modyul na ito ay dinesenyo at sinulat para sa iyo. Nandito ito upang tulungan kang maging bihasa sa Layunin ng Lipunan: Kabutihang Panlahat (**1.4 Naisasagawa ang isang proyekto na makatutulong sa isang pamayanan o sector sa pangangailangang pangkabuhayan, pangkultural, at pangkapayapaan.** Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na gamitin sa iba't-ibang sitwasyon.

Sa modyul na ito ay inaasahang masasagot mo ang mahahalagang tanong na: Paano nakatutulong sa paghubog ng pagkatao ang lipunan? At inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

1. Nakapagpapalano ng isang proyekto o gawain na makatutulong sa isang pamayanan o sector sa pangangailangang pangkabuyan, pangkultural, at pangkapayapaan
2. Nakapagpapatala ng mga hakbang upang makagawa ng isang proyektong nagpapakita ng kabutihang panlahat
3. Naisasakatuparan ang isang proyekto o gawain na makatutulong sa isang pamayanan o sector sa pangangailangang pangkabuyan, pangkultural, at pangkapayapaan



Subukin

PANUTO. Basahing mabuti ang bawat pangugusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa sagutang papel.

1. Alin ang nagpakita ng kabutihang panglahat? “Ang tunguhin ng lipunan ay kailangang pareho sa tunguhin ng bawat indibidwal.” Ang pangugusap ay:
 - a. Tama, dahil sa ganitong pagkakataon matitiyak na makakamit ang tunay na layunin ng lipunan.
 - b. Tama, dahil mahalagang makiayon ang bawat indibidwal sa layuning itinalaga ng lipunan.
 - c. Mali, dahil may ibat-ibang katangian at pangangailangan ang bawat isang indibidwal.
 - d. Mali, dahil ang bawat indibidwal ng ating lipunan ang nararapat na nagtatakda ng mga layunin.
2. Paano maisakatuparan ang konsepto ng katagang ito? “Kalayaan at pagkakapantay-pantay ang nararapat na manaig sa lipunan”
 - a. Ang kalayaan ay mahalaga upang mangingibabaw ang paggalang sa mga karapatan ng tao.
 - b. Pagkapantay pantay makamit ng tao sa lipunan ayon sa likas na batas.
 - c. Sa kalayaan masasakripisyo ang kabutihan ng indibidwal.
 - d. Sa pagitan ng kalayaan at pagkapantay pantay lahat ay mag alay ng sakripisyong mithiin.

3. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa pagpapakita ng kabutihang panglahat?
 - a. Pagbisita ng regular sa bahay ng mga pinabayaang matatanda.
 - b. Pag-aalay ng magagandang mensahe para sa mga *frontliners* ng pandemyang *Covid 19*.
 - c. Pagtulong sa pamamahagi ng pagkain at damit sa mga nasalanta ng bagyo.
 - d. Pagtanggap ng mga pagkaing bigay ng pamahalaan.
4. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng kabutihang panlahat?
 - a. Nakikitang naglalaro si Jane sa kalsada kasama ang mga kaibigan.
 - b. May bayanihan sa paglilinis ng pamayanan nina Marko at isa siya sa tumutulong magbuhat ng mga mabibigat na bagay.
 - c. Naglilinis ng bahay ang nanay ni Ella habang siya ay nakahiga.
 - d. Nagluluto ang mga kapatid nina Joel at Ana para sa piknik.
5. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng kabutihang panlahat?
 - a. Makisali sa kaguluhan sa inyong barangay.
 - b. Makilahok sa programa ng barangay sa pag-abot ng tulong sa mga nangangailangan.
 - c. Hayaan na lamang ang mga opisyal ng barangay ang gumawa ng paraan.
 - d. Magbigay ng ambag sa abot ng makakaya upang makatulong.
6. Bakit mahalaga na makamit ang kabutihang panlahat?
 - a. para magkaroon ng matiwasay na samahan sa isang lipunan/pamayanan
 - b. para maging maayos ang buhay ng bawat isa
 - c. upang maipakita sa madla na may nagagawang tulong para sa kanila
 - d. para sa ikauunlad ng bayan
7. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng katangiang panlahat?
 - a. pakikiisa sa proyektong paglilinis
 - b. tutulong kung tutulong din ang mga kaibigan
 - c. tutulong kung may bayad na matanggap
 - d. pag-iwas sa pagtulong sa paglilinis sa barangay dahil nahihiya kang makita ng mga kakilala mo
8. Ang mga sumusunod ay hadlang sa pagkamit ng kabutihang panlahat maliban sa:
 - a. paggawa ng tao ayon sa kaniyang pansariling hangad
 - b. pagkakaroon ng pakiramdam na mas malaki ang naiiambag ng sarili kaysa sa nagagawa ng iba
 - c. pakikinabang sa benepisyong hatid ng kabutihang panlahat at pagbabahagi para sa pagkamit nito
 - d. pagkakait ng tulong para sa kapwa na nangangailangan
9. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng halimbawa ng kabutihang panlahat maliban sa:

a. pakikipagkapwa-tao	c. panghuhusga
b. pagbibigayan	d. paggalang
10. kabutihang panlahat ang pagtatanggol sa kapwa kapag siya ay inaapi?
 - a. Oo, sapagkat ito ay tungkulin natin bilang isang tao na magpapakita ng kabutihan sa kapwa.
 - b. Oo, sapagkat sa hinaharap ay makakatulong din sila sa atin.
 - c. Hindi, sapagkat tayo ay madadamay sa ginagawang pang-aapi sa ating kapwa.
 - d. Hindi, sapagkat hindi natin tungkulin na tumulong sa iba.

Aralin

1

Layunin ng Lipunan: Kabutihang Panlahat, Lahat Maiaangat

Ang modyul na ito ay ginawa upang mapahusay ang kaalaman at kakayahan sa Layunin ng Lipunan: Kabutihang Panlahat na naaayon sa pamantayan ng araling Edukasyon sa Pagpapakatao sa ika-9 na baitang.

Simulan ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong na nasa tekstong nasa ibaba.



Balikan

Iyong natutunan ang kahalagahan ng mga ***Elemento Ng Kabutihang Panglahat*** sa unang aralin. Ang *kabutihang panglahat* ay naaayon sa moralidad ng tao at *Likas na Batas Moral*.

Sa kasalukuyan, paano mo naipakikita ang paggalang sa iyong mga magulang o sa mga nakatatanda sa iyo? Nagagawa mo ba ang pagmamano at pagsasagot ng may “po” at “opo”? Paano mo naipakikita na ikaw ay may paggalang sa iyong lipunang kinabibilangan? Sinusunod mo ba ang mga alituntunin at mga batas na pinairal ng ating pamahalaan? Sa anong paraan? Paano ka nakatutulong sa pagpapalaganap at pagpapanatili ng kapayapaan? Sa anu-anong paraan mo naipapakita ang mga gawaing ito?

Ito ang mga paraan upang napatuyan mo na iyong isinasaalang-alang ang mga kabutihang panglahat.



Mga Tala para sa Guro

Suriin ang sagot ng mag-aaral. Bigyan agad ng komento ang mag-aaral pagkatapos makompletong masagot at magawa ang mga Gawain. Kung ang resulta ng pagsusuri ay mababa pa sa 100%, hingkayatin ang mag-aaral na ulitin hanggang maabot ang 100% kahusayan.



Tuklasin

Gawain 1:

1. Magplano ng isang gawain na makapagpapakita ng kabutihang panlahat.
2. Gumawa ng isang listahan ng mga magkakasunod-sunod na hakbang kung paano ito isasagawa.

Pamantayan sa Pagwawasto:

Nilalaman	- 50%
Presentasyon	- 30%
Pagkamalikhain	- 15%
Pagkana sa panahon	- 5%
	<u>100%</u>



Suriin

Ang ating pagiging kasama-ng-kapwa ay isang pagpapahalaga na nagbibigay ng tunay na kaganapan sa ating pagkatao. Makakamit lamang ito kung makikilahok at makikipamuhay ka sa kapwa.

Magbigay ng sariling opinion ukol sa mga katagang ito:

“Binubuo ng TAO ang LIPUNAN, Binubuo ng LIPUNAN ang TAO”

Ipinapahiwatig ng mga katagang ito na walang lipunang mabubuo kung wala ang mga tao dahil saklaw ng lipunan ang mga taong nasasakupan nito.

PAMILYA

- Pangunahing yunit ng lipunan
- Lipon ng dalawa o higit pa sa dalawang tao na magkaugnay sa dugo, sa bisa ng sakramento ng kasal o sa pamamagitan ng pag-aampon o paninirahan sa isang tirahan.

PAARALAN

- Isang organisasyon, institusyon o lugar kung saan hinuhubog at nililintang ang kaisipang moral, pisikal at spiritual ng mga mag-aaral.

LIPUNAN

- Isang pangkat ng mga tao na binibigyan ng katangian o paglalarawan sa mga huwaran ng mga pagkakaugnay ng bawat isa na binabahagi ang naiibang kultura at/o mga institusyon.

KOMUNIDAD


- Ito ay maaaring isang pangkat ng nag-uugnayang mga tao, na nabubuhay na magkakalapit, na ang kalapitan ay ayon sa puwang, oras o ugnayan.

KABUTIHANG PANLAHAT

- Kabutihang naayon sa moralidad ng tao at likas na batas moral.

MGA HADLANG SA PAGKAMIT NG KABUTIHANG PANLAHAT

1. Nakikinabang sa benepisyo hatid ng kabutihang panlahat, subalit tinatanggihan ang bahaging dapat gampanan upang mag-ambag sa pagkamit nito.
2. Mga indibidwal na may personal na mithiin.
3. Ang pakiramdam na siya ay nalalamangan o mas malaki ang naiambag sa organisasyong mithiin.



Pagyamanin

Gawain 2:

1. Mula sa Gawain 1, isasakatuparan ito sa pamamagitan ng pagkuha ng mga ilang larawan na nagpapakita ng gawaing komunidad o panlahat.
2. Gumawa ng isang *video presentation* gamit ang mga nakuhang larawan at ilagay sa facebook; gawing sukatan sa paglinang ng kaalaman ang mga *likes* o komento nito.

Pamantayan sa Pagwawasto:

Nilalaman	- 50%
Presentasyon	- 30%
Pagkamalikhain	- <u>15%</u>
Pagkana sa panahon	- <u>5%</u>
	100%




Isaisip

Gawain 3:

PANUTO. Piliin ang titik na may tamang kahulugan na nasa kahon at isulat sa patlang ng bawat aytem.

a. Tulong	c. Pamayanan	e. Batas
b. Bayanihan	d. Anti-korapsyon	f. Karapatan

- ___ 1. Nagpapakita ng pagtutulungan, pagdadamayan at pagkakaisa.
- ___ 2. Pamamahagi ng pagkain, damit at pera sa mga mahihirap.
- ___ 3. Ito ay karaniwang tumutukoy sa isang yunit na panlipunan o pakikipagkapwa na mas malaki kaysa sa isang tahanan, mag-anak o pamamahay na may pinagsasaluhang karaniwang mga pagpapahalaga at may matibay na pagsasamahang panlipunan.
- ___ 4. Ito ay mga alituntunin sa magandang asal na nag-uutos o nagbabawal sa pagitan ng tao at kapisan.
- ___ 5. Ang kapangyarihan o kalayaan na matarog na ipinagkaloob ng sinuman.



Isagawa

Gawain 4:

Ang layunin ng ating lipunan ay mabigyan ng matiwasay na pamumuhay ang bawat mamamayan.

Panuto: Sa inyong kwaderno gawin ang mga sumusunod:

1. Paano nakatutulong sa isang indibihal ang mga sumusunod na institusyon?
 - Paaralan
 - Negosyo
 - Simbahan
 - Pamahalaan
 - Pamilya
2. Sa iyong palagay, ano ang maaaring mangyari sa ating lipunan kung ang bawat sektor na ito ay hindi naisakatuparan ang kanilang tungkulin sa lipunan?

Pamantayan sa Pagwawasto:

Nilalaman	- 50%
Presentasyon	- 30%
Pagkamalikhain	- 15%
Pagkana sa panahon	- <u>5%</u>
	100%



Tayahin

Gawain 5:

PANUTO: Basahing mabuti ang bawat pangugusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinaka angkop na sagot at isulat ang titik nito sa sagutang papel.

1. Alin ang nagpakita ng kabutihang panglahat? “Ang tunguhin ng lipunan ay kailangang pareho sa tunguhin ng bawat indibidwal” Ang pangugusap ay:
 - a. Tama, dahil sa ganitong pagkakataon matitiyak na makakamit ang tunay na layunin ng lipunan.
 - b. Tama, dahil mahalagang makiayon ang bawat indibidwal sa layuning itinalaga ng lipunan.
 - c. Mali, dahil may ibat-ibang katangian at pangangailangan ang bawat isang indibidwal.
 - d. Mali, dahil ang bawat indibidwal ng ating lipunan ang nararapat na nagtatakda ng mga layunin.
2. Paano maisakatuparan ang konsepto ng katagang ito? “Kalayaan at pagkakapantay-pantay ang nararapat na manaig sa lipunan”
 - a. Ang kalayaan ay mahalaga upang mangingibabaw ang paggalang sa mga karapatan ng tao.
 - b. Pagkapantay pantay makamit ng tao sa lipunan ayon sa likas na Batas.
 - c. Sa kalayaan masasakripisyo ang kabutihan ng indibidwal.
 - d. Sa pagitan ng kalayaan at pagkapantay pantay lahat ay mag alay ng sakripisyong mithiin.
3. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa pagpapakita ng kabutihang panglahat?
 - a. Pagbisita ng regular sa bahay ng mga pinabayaang matatanda.
 - b. Pag-aalay ng magagandang mensahe para sa mga *frontliners* ng pandemyang *Covid 19*.
 - c. Pagtulong sa pamamahagi ng pagkain at damit sa mga nasalanta ng bagyo.
 - d. Pagtanggap ng mga pagkaing bigay ng pamahalaan.
4. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng kabutihang panlahat?
 - a. Nakikitang naglalaro si Jane sa kalsada kasama ang mga kaibigan.
 - b. May bayanihan sa paglilinis ng pamayanan nina Marko at isa siya sa tumutulong na magbuhat ng mga mabibigat na bagay.
 - c. Naglilinis ng bahay ang nanay ni Ella habang siya ay nakahiga.
 - d. Nagluluto ang mga kapatid nina Joel at Ana para sa piknik.
5. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng kabutihang panlahat?
 - a. Makisali sa kaguluhan sa inyong barangay.
 - b. Sumama sa kilusan ng barangay sa pamimigay ng pangunahing pangangailangan ng mga lubos na nangangailangan.
 - c. Hayaan na lamang ang mga opisyal ng barangay ang gumawa ng paraan.
 - d. Magbigay


6. Bakit mahalaga na makamit ang kabutihang panlahat?
 - a. Para magkaroon ng matiwasay na samahan sa isang lipunan/ pamayanan.
 - b. Para maging maayos ang buhay ng bawat isa.
 - c. Upang maipakita sa madla na may nagagawang tulong para sa kanila.
 - d. Para sa ikauunlad ng bayan.

7. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng katangiang panlahat?
 - a. Pakikiisa sa proyektong paglilinis.
 - b. Tutulong kung tutulong din ang mga kaibigan.
 - c. Tutulong kung may bayad na matatanggap.
 - d. Pag-iwas sa pagtulong sa paglilinis sa barangay dahil nahihiya kang makita ng mga kakilala mo.

8. Ang mga sumusunod ay hadlang sa pagkamit ng kabutihang panlahat maliban sa:
 - a. Paggawa ng tao ayon sa kaniyang pansariling hangad
 - b. Pagkakaroon ng pakiramdam na mas malaki ang naiiambag ng sarili kaysa nagagawa ng iba
 - c. Pakikinabang sa benepisyong hatid ng kabutihang panlahat at pagbabahagi para sa pagkamit nito
 - d. Pagkakait ng tulong para sa kapwa na nangangailangan

9. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng halimbawa ng kabutihang panlahat maliban sa:
 - a. Pakikipagkapwa-tao
 - b. Pagbibigayan
 - c. Panghuhusga
 - d. Paggalang

10. Nagpapakita ba ng kabutihang panlahat ang pagtatanggol sa kapwa kapag siya ay inaapi?
 - a. Oo, sapagkat ito ay tungkulin natin bilang isang tao na nagpapamalas ng kabutihan sa kapwa.
 - b. Oo, sapagkat sa hinaharap ay makakatulong din sila sa atin.
 - c. Hindi, sapagkat tayo ay madadamay sa ginagawang pag-aapi sa ating kapwa.
 - d. Hindi, sapagkat hindi natin tungkulin ang tumulong sa iba.




Karagdagang Gawain

Gawain 6: Pagkakawan

1. Pumili ng isang gawain na iyong maitutulong sa panahon ng krisis o pandemiya (*Covid-19*)
 - o Gumawa ng mga mask at PPE
 - o Gumawa ng slogan/video ng pagpapasalamat sa mga *frontliners*
 - o Makilahok sa programa ng barangay sa pamamahagi ng *relief goods*
 - o Mamahagi ng mga pangunahing pangangailangan sa mga sslubos na naapektuhan ng pandemiyang covid-19.
2. Gawaan ng kronolohiyang dokumentasyon ang napiling gawain.

Pamantayan sa Pagwawasto:

Nilalaman	- 50%
Presentasyon	- 30%
Pagkamalikhain	- <u>15%</u>
Pagkana sa panahon	- <u>5%</u>
	100%



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

1. B
2. A
3. D
4. B/D
5. B
6. A
7. A
8. C
9. C
10. A

Isaisip

1. B
2. A
3. C
4. E
5. F

Subukin

1. B
2. A
3. D
4. B/D
5. B
6. A
7. A
8. C
9. C
10. A

Sanggunian

“Edukasyon Sa Pagpapakatao 9 Modyul Ng Mag-Aaral, Pp. 4-11,” March 31, 2014.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph